

Pedagohikal Na Gramar Ng Sinugbuanong Binisaya: Balangkas Ng Mga Gawaing Komunikatibo Sa Pagtuturo-Pagkatuto Ng Filipino

(Pedagogical Grammar of Cebuano Visayan: Framework of Communicative Activities in Teaching-Learning Filipino)

Elsie T. Alvarado, DA., PhD

Associate Professor III
Cebu Normal University
Cebu City, Philippines
alvaradoe@cnu.edu.ph

Niña Christina L. Zamora, PhD

Associate Professor V
Philippine Normal University
Manila, Philippines
zamora.ncl@pnu.edu.ph

Abstract—This study aims to create a pedagogical grammar in Cebuano Visayan towards a framework of communicative activities in teaching-learning Filipino. The specific objectives are the following: (1) Create pedagogical grammar in Cebuano Visayan according to phonology, morphology and syntax; and (2) Formulate a framework of communicative activities in teaching-learning Filipino. The researcher created the pedagogical grammar based from Dirven (1990), Harmer (1991); Ur (2001) and Richards (2006) that features 4P's: preparation (introduction, objectives); presentation (discussion, examples); production (drills, academic activities, communicative activities in Filipino); and Performance (assessment). Based on the evaluation by the validators and the findings, the researcher formulated a framework of communicative activities in teaching-learning Filipino. The researcher suggest that the pedagogical grammar in Cebuano Visayan will be used by the teachers teaching Cebuano Visayan Language to Filipino major Cebuano students in prior teaching for Filipino courses.

Keywords—Cebuano Visayan; Filipino; framework; communicative activities; pedagogical grammar

ABSTRAK

Nilalayan ng pag-aaral na ito na makabuo ng pedagohikal na gramar ng Sinugbuanong Binisaya tungo sa pagbabalangkas ng mga gawaing komunikatibo sa pagtuturo-pagkatuto ng Filipino. Ang mga sumusunod ay tiyak na layunin ng pag-aaral: (1) Makabuo ng pedagohikal na gramar ng Sinugbuanong Binisaya; at (2) Makabuo ng balangkas ng mga gawaing komunikatibo sa pagtuturo-pagkatuto ng Filipino. Ang mananaliksik ay nakabuo ng pedagohikal na gramar ng Sinugbuanong Binisaya batay kina Dirven (1991); Harmer (1991); Ur (2001); at Richards (2006) na nagtatampok ng 4P's: paghahanda (panimula, mga layunin); paglalahad

(pagtatalakay, mga halimbawa); pangkomunikatibong gawain (mga pagsasanay, mga akademikong gawain); at pagganap (pagtataya). Batay sa ebalwasyon ng mga tagasuri at mga natuklasan, nakabuo ang mananaliksik ng isang balangkas ng mga gawaing komunikatibo sa pagtuturo-pagkatuto ng Filipino. Iminumungkahi ng mananaliksik na gagamitin sa pagtuturo ng Sinugbuanong Binisaya ang pedagohikal na gramar sa pagtuturo ng Wikang Sinugbuanong Binisaya sa mga estudyanteng Cebuano na nagmemedyor sa Filipino bago pa man ituro ang mga kursong Filipino.

MGA SUSING SALITA:

Balangkas; Filipino; komunikatibong gawain; pedagohikal na gramar; Sinugbuanong Binisaya

INTRODUCTION

Wikang Sinugbuanong Binisaya ang nagsisilbing lunduyan sa pag-uugnay-ugnay ng mga tao sa kabila ng pagkakaiba-iba ng pananaw, pag-uugali at kultura dulot ng iba-ibang pinanggagalingang pangkat sa buong kapuluan ng rehiyong pito. Sabi ni Consul (2014), bawat wika ng tao ay pinapalawak ng lipunan upang maipapahayag kung anumang kultura at buhay mayroon ang pangkat. Sinasabing isa sa pinakamaraming gumagamit ng wika ang Sinugbuanong Binisaya o unang wika (L1) na ginagamit sa buong kapuluan ng rehiyong pito. Ang ibang lingguwista ay naninindigan na ang wikang Cebuano ay isang uri ng diyalekto ng wikang Visayan o Binisaya. Sa pangunguna ng Sentro ng Wikang Cebuano, nagkaroon ng mabusising pagsisiyasat kung paano tatawagin ang wikang ginagamit ng mga Cebuano sa Cebu na tinatawag na wikang Sinugbuanong Binisaya upang maiwasan ang pag-uugnay nito sa tao o pangkat na naninirahan sa nasabing rehiyon. Ayon kay Pesirla (2012), tinatawag niyang wikang Sinugbuanun'g Binisaya o Cebuano-Visayan ang wika ng mga Cebuano na nagsasaad ng "Cebuano nga Bisaya." Sabi naman ni De Catalina (2016), ang wika ng Cebu, Bohol, Negros, Leyte, Panay at Samar ang Binisaya-Sinugboanon o

Visayan-Cebuano na tumutukoy sa pangkalahatan patungo sa partikular. Batay sa mga binanggit, malinaw na ang unang wika ng mga Bisaya ay Sinugbuanong Binisaya na kung saan itinuturing na mahalagang pundasyong wika sa pagkatuto ng pangalawang wika. Patunay ang sinabi ni Ellis (2010) isang pundasyon ang kahusayan sa grammar ng unang wika sa ikatatamo ng kalinawan sa ugnayan ng wikang pedagogikal at pagtuturo ng pangalawang wika. Maliwanag na isa sa mga salik ng pagkatuto ng unang wika ay ilarawan ang pedagogikal na grammar bilang isang pagtugon sa pagpapatotoo sa paglalapat ng teorya ng gramatika patungo sa tunay na aplikasyon nito sa klasrum. Mahalaga ring may sapat na kaalaman sa katangian ng grammar na isang sosyal, pedagogikal at linggwistika (Byram 2004). Anya, ito ay sosyal kung ano ang istandard na grammar at ano ang kalagayan at papel ng mga varayti nito, pedagogikal kung paano natutunan at kung paano ituro ang grammar at linggwistika kung ano ang grammar at paano ito ginagamit. Ibig sabihin ay kakambal na ng grammar ang pedagogikal na erya at hindi maihiwalay ang varayti ng wika at estrukturang gramatika. Sa madaling salita, kaakibat ng pagtuturo sa unang wika ang pagsasaalang-alang sa kakayahan ng varayti at lingguwistika ng mga estudyante upang matamo ang pagkatuto.

Gayonman, napakalaking hamon pa rin ang pagtuturo ng grammar ayon sa pedagogikal sapagkat napakaraming isyu pa rin hanggang ngayon kung papaano ba ang paglalapat nito partikular sa pangalawang wika (L2). Patunay ang sinabi ni Newby (2015) isa sa mga dahilan kung bakit nananatiling itinuturo ang grammar sa tradisyonal na anyo sapagkat ang mga linggwista at metodo ay hindi matagumpay sa paglalahad ng balidong teorya sa pedagogikal na grammar na maaaring maisasakatuparan sa pagtuturo sa klasrum. Isa rin sa itinuturing na suliranin sa palyadong pagtuturo ng grammar ay may kinalaman sa pagtatamo ng pangalawang wika (Littlewood 2004). Ibig sabihin ay nakakaapekto nang malaki sa pagkatuto ng pangalawang wika kung hindi malinaw ang pagtuturo ng grammar sa unang wika kung kaya, higit na kinakailangan ang mabisang pagtuturo ng grammar sa unang wika upang mapagaan ang pagtatamo sa pagkatuto ng pangalawang wika (L2). Nakasalalay ang pagtatamo ng pangalawang wika (L2) sa kakayahan ng tao sa paggamit ng unang wika (L1). Isang katotohanan na ang kaalaman sa pangalawang wika (L2) ay nakakaimpluwensya sa kakayahan ng tao sa pagsasaayos ng impormasyon gamit ang unang wika (L1) (Marian at Spivey 2003). Sinabi rin nina Harrison at Kroll (2007) ang papel ng katutubong wika (L1) sa pagtatamo ng kaalaman ng pangalawang wika (L2) ay sadyang napatunayan na at ang kalinangan nito sa ponolohiya at kakayahang leksikal (Proctor *et al.* 2006). Patunay nito ang pag-aaral nina Gottardo at Mueller (2009) ang bilang ng kaalaman sa bokabularyo sa unang wika ay nagkakaugnay lang sa pangalawang wika (L2). Malinaw na isa sa mga salik ng pagtatamo ng pagkatuto sa pangalawang wika ang unang wika. Sa

katunayan, mas napapadali ang paglipat ng kaalaman mula sa unang wika patungo sa pangalawang wika. Sa pagkatuto ng pangalawang wika (L2) binubuo ang ideya sa tulong ng unang wika kung may sapat na kakayahan at kaalaman sa L2 (Ellis, 1997). Tunay ngang my malaking papel na ginagampanan ang unang wika (L1) sa madaliang pagtatamo ng pagkatuto ng pangalawang wika (L2), kaya, mahalagang isasaalang-alang sa pagtuturo ng pangalawang wika ang pundasyon ng nag-aaral ng wika sa unang wika. Pinaninindigan ni Schweers (1999) ang L1 ay talagang nakatutulong sa pagtatamo ng pagkatuto ng pangalawang wika (L2). Winika naman ni Butzkamm (2007) na batay sa mga pananaliksik, napakalaking tulong ng unang wika (L1) sa pagkatuto ng pangalawang wika (L2). Ibig sabihin ay isang tugon sa pangangailangan ng pagkatuto ng unang wika ang mabubuonang pedagogikal na grammar sa wikang Sinugbuanong Binisaya sa mga estudyanteng Bisaya. Kung gayon, makatutulong ito para matamo ang mabisang pagtuturo at pagkatuto ng wikang Filipino sapagkat ang kakayahang gramatikal sa unang wika ay maililipat sa pag-unawa sa pangalawang wika.

Ito ang nag-udyok sa mananaliksik upang bumuo ng pedagogikal na grammar ng Sinugbuanong Binisaya para sa mga estudyanteng Bisaya. Naniniwala ang mananaliksik na magiging tulay ang pag-unawa at pagkatuto ng mga estudyanteng Bisaya sa unang wika sa pagtatamo ng pagtuturo at pagkatuto ng Filipino partikular ang mga nagmemedyor sa Filipino. Ang pagsanib ng L1 at L2 sa klasrum ay nakatutulong upang mas magiging dinamiko ang klasrum, sapagkat natitiyak ng mga estudyante ang kanilang seguridad at napagtibay ang kanilang mga buhay-karanasan dahil nabibigyan sila ng pagkakataon na maipahayag ang kanilang mga sarili (Auerbach, 1993). Sa katunayan, isa sa mga susi sa tunguhing pedagogikal na klasrum. ay hahayaan ang mga estudyante na makapagpahayag sa sarili nang may kalinawan at bibigyan sila ng pagkakataon na makapagpaliwanag o makapaglilinaw gamit ang L1, dahil dito, ang mga guro ay nagpapakita ng kaakuhan na matamo ang layunin sa pagtuturo (Bowles & Seedhouse 2007). Sinuportahan naman ito ni Ghorbani (2012) ang paglikha ng halaga ng seguridad at pagtutulay mula sa hindi kabisado patungo sa kabisado ay isang pananagutan ng L1 na klasrum. ang papel na ito ay binigyang-pokus sa isang klase na walang ibang hangad kundi magkakaroon ng pagkakataon ang mga estudyante na gamitin ang kanilang katutubong wika sa pagpapahayag ng kanilang damdamin. Isinasaad na napakalaking tulong ng L1 para makapagpapahayag ng sariling damdamin at emosyon ang mga estudyante. Dahil sa taglay na ng estudyante ang tiwala sa sarili na makapagpahayag ng sariling saloobin, magiging tulay ito upang mas mapadali ang kanyang pakikisalamuha sa iba, partikular sa pangmaramihan na usapan. Sabi ni Swain (2000) sa paggamit ng L1 nagagawa ang kolaboratibong usapan sa L2 na klasrum. Nangangahulugan na mas naihandang guro ang

estudyante sa pag-aaral ng pangalawang wika kung taglay na niya ang kakayahang komunikatibo sa L1 nang sa gayon mas mapapadali ang pagtuturo sa pangalawang wika. Batay sa mga nabanggit sa unahan, ang mahalaga ang pagsasaalang-alang sa unang wika, wikang Sinugbuanong Binisaya upang mas mapagaan ang pagtuturo ng pangalawang wika (L2). Kung gayon, hindi kahiwalay ang pagbuo ng pedagogikal na gramar sa wikang Sinugbuanong Binisaya sa pananaw ng pagtatamo ng pangalawang wika, ang wikang Filipino. Mahalagang idiin sa pag-aaral na ito na higit na maihanda na aralin ang gramar ng pangalawang wika ng mga estudyanteng Bisaya kung taglay nito ang kakayahan sa unang wika at mangyayari lang ito kung mga totoong sitwasyon ang pinagamit sa mga gawaing pangklasrum.

Bunga nito, ang pag-aaral ay bumuo isang balangkas ng mga gawain sa komunikatibong pagtuturo at pagkatuto ng Filipino upang magiging gabay sa pagtatamo ng pagkatuto ng pangalawang wika (L2) ng mga Bisaya, ang wikang Filipino. Binanggit ni Malone (2012) na ang komunikatibong pagtuturo ng wika ay nakadiseno sa prinsipyong pangklasrum gaya ng pagbibigay tuon sa pagkatuto ng komunikasyon sa pamamagitan ng interaksyon gamit ang target na wika, pagbibigay ng awtentikong teksto, paggamit ng karanasan ng mga estudyante bilang mahalagang kontribusyon sa pagkatuto at pag-uugnay-ugnay sa pagkatuto ng wikang pangklasrum sa mga gawain sa labas ng klasrum. Masasabing ang pedagogikal na gramar ay nauugnay sa komunikatibong lapit na nagsasaad ng sangkap at proseso ng komunikasyon. Ayon kay Newby (2003) ang komunikatibong lapit ay binubuo ng tagapagsalita, konteksto, kadahilanan, leksikal o gramatikal patungo sa kaanyuan. Isinasaad lang na malaki ang papel ng kaalaman ng gumagamit ng wika sa pagtamo ng pagkatuto nito. Bagay na magsisilbing gabay sa mga guro at mga estudyante sa kolehiyo na pag-aralan ang wikang Filipino sa komunikatibong pamamaraan.

RESEARCH OBJECTIVES

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong makabuo ng pedagogikal na gramar ng Sinugbuanong Binisaya tungo sa isang balangkas ng mga gawaing komunikatibo sa pagtuturo-pagkatuto ng wikang Filipino. Tinitiyak na masagot ang mga sumusunod na layunin: 1) makabuo ng pedagogikal na gramar ayon sa sumusunod na bahagi: a) ponolohiya, b) morpolohiya, at c) sintaks; at 2) makabuo ng isang balangkas ng mga gawaing komunikatibo sa pagtuturo-pagkatuto ng Filipino.

RESEARCH METHODOLOGY

Ginamit sa pag-aaral ang disenyong kwalitatibo sa pagpapakahulugan ng mga datos. Ayon kay Cassell at Symon (1994), ang kwalitatibong pananaliksik ay nakapokus sa pagpapakahulugan kaysa pagbibilang ng kasagutan: pagbibigay-tuon sa subhektibo kaysa obhektibo. Ginamit din ang pamamaraang deskriptibo-debelopmental sa pagbuo ng pedagogikal

na gramar ng wikang Sinugbuanong Binisaya. Ang deskriptibong pamamaraan ay gagamitin sa paglalarawan at pagpapakahulugan ng mga datos mula sa mga obserbasyon at mungkahi ng mga eksperto na magtataya sa mabubuon ng pedagogikal na gramar. Ayon kay Dudovskiy (2018), ang deskriptibong pamamaraan ng pananaliksik ay pagtatangka sa pagtukoy at paglalarawan kung ano ang datos na nakalap. *Purposive-Sampling* ang ginamit ng pananaliksik sa pagpili ng eksperto sa wikang Filipino na siyang maging *validator* sa sariling gawang instrumento ng pananaliksik para mataya ang nabuong pedagogikal na gramar ng wikang Sinugbuanong Binisaya. Samantalang, tatlong eksperto din mula sa taal na mananalita ng wikang Sinugbuanong Binisaya na siyang magtataya sa pedagogikal na gramar. Ang datos na nalikom mula sa mga tagasuri ng nabuong pedagogikal na gramar ng wikang Sinugbuanong Binisaya ay hinanay upang mailarawan ang kalinawan, kaangkupan at kabisaan nito.

THE FORMULATION AND DISCUSSION

Ginamit na batayan sa anyo sa pagbuo ng pedagogikal na gramar ng wikang Sinugbuanong Binisaya ang mga teorya ng 3P's nina Harmer (1991) at Ur (2001), pagtuturo-pagkatuto ng wika ni Dirven (1990), at komunikatibo ni Richards (2006). Kaya, nakabuo ng apat na yugto ang pananaliksik na tinatawag na 4P's ng yugto ng pagtuturo-pagkatuto ng wikang Sinugbuanong Binisaya.

Unang Yugto: Pagpapakilala. Inilalahad sa bahaging ito ang panimula sa balangkas ng aralin at mga layunin sa pagkatuto. Ang panimula ay nagpapakilala sa paksang tatalakayin at dito malalaman ang kabuuang konsepto na matutunan sa paksa at ang daloy ng paglalahad ng paksa mula sa pagtatalakay hanggang sa pagtataya.

Ikalawang Yugto: Paglalahad. Maituturing na ang bahaging ito ang katas ng impormasyon sapagkat dito tuluyang maintindihan ang paksa sa pamamagitan ng paglalahad sa estruktura at anyo nito. Batay sa sinabi ni Dirven (1990), ang yugto na ito na kung saan mahalagang may sapat na kahandaan ang mga estudyante sa pag-unawa ng paksa sa pamamagitan ng malinaw at malawakang paglalahad ng bawat aralin ng wikang inaaral. Sang-ayon din sina Harmer (1991) at Ur (2001), sa kanilang modelong 3P's na pinangunguhan ng paglalahad na ibig sabihin ay inilalarawan muna ang paksang-aralin at tatalakayin ang estruktura nito sa tulong ng mga halimbawang ibinibigay ng guro.

Ikatlong Yugto: Pangkomunikatibong Gawain. Itinuturing na impluwensya ng 3P's nina Harmer (1991) at Ur (2001), partikular ang presentasyon at produksyon sapagkat naglalarawan ito ng mga gawaing humahasa sa lawak ng pagkatuto ng mga estudyante. Ang yugtong ito ay binubuo ng tatlong tampok: pagsasanay, akademikong gawain, at pagtataya.

Ikaapat Yugto: Paglalagom. Ito ang huling yugto ng pagbuo ng PG ng Sinugbuanong Binisaya ng mananaliksik. Naglalaman ito ng pangkalahatang konsepto sa paksang tinalakay upang magkakaroon ng konkretong pag-unawa ang mga estudyante sa grammar na inaaral. Sadyang ginawa ito ng mananaliksik nang sa gayon, matiyak ang kakintalan ng pag-unawa bago dadako sa susunod na estruktura ng grammar. Matutunghayan sa ibaba ang paglalahad sa bawat bahagi ng pedagogikal na grammar ng Sinugbuanong Binisaya sa binubuo ng tatlong bahagi: Unang Bahagi: Pagtuturo sa Ponolohiya; Ikalawang Bahagi: Pagtuturo sa Morpolohiya; at Ikatlong Bahagi: Pagtuturo sa Sintaks.

Unang Bahagi: Pagtuturo sa Ponolohiya. Ang bahaging ito ay naglalahad kung paano ituro ang ponolohiya sa mga estudyante sa kolehiyo. Binubuo ng dalawang bahagi ang pagtatalakay; ponemang segmental at ponemang suprasegmental. Binibigyan ng mga halimbawa ang mga paksang tinalakay upang mas maintindihan ang nais ipahiwatig nito. Ilalahad dito ang pagbuo ng pedagogikal na grammar ayon sa 4P's: pagpapakilala, paglalahad, pangkomunikatibong gawain, at paglalagom. Inilalahad ang paglalarawan sa pamamagitan ng deskriptibong talahanayan sa ibaba.

Talahanayan 1. Pagtuturo ng Ponolohiya

Nirebisang Modelo sa Pagtuturo ng Pedagogikal na Grammar (Harmer, 1991 at Ur, 2001)	Paglalarawan sa mga Bahagi
Pagpapakilala Paglalahad	-Matutunghayan dito ang pagtitiyak sa pangunahing konsepto na dapat matutuhan sa tulong ng pagpapaalam sa mga itinatampok ng ponolohiya na makikita sa panimulang bahagi. *Tutuhanon sa bahaging ito ang pag-aaral sa pinakamaliit na yunit ng tunog, ang ponolohiya. *Sa pagtatalakay sa ponolohiya ng Sinugbuanong Binisaya, matatamo at maikintal sa utak ng mga estudyante ang tamang pagbigkas sa mga ponemang paningog at ponemang katingog lalong-lalo na ang ponemang segmental at ponemang suprasegmental. - Ang bahaging ito ay binubuo ng dalawang bahagi; pagbibigay- deskripsyon anyo ng aralin at pagbibigay-halimbawa sa aralin. Ang mga aralin ay nahahati sa: ponemang segmental na tinatampok ang ponemang patinig, ponemang katinig; punto ng artikulasyon, diptonggo at klaster. Nahahati naman sa dalawang bahagi ang ponemang suprasegmental: diin at tono. *Sa pagbibigay-deskripsyon sa anyo ng aralin ay nakatuon ito sa katangian ng ponolohiya na binubuo ng ponemang segmental at ponemang suprasegmental.
Pangkomunikatibong Gawain	- Binubuo ito ng tatlong apat na tampok: (1) pagsasanay, (2) akademikong gawain, komunikatibong gawain sa Filipino at (3) pagtataya. (1) Pagsasanay Bawat paksa ay may kaakibat na mga pagsasanay gaya ng ponemang patinig: *Halimbawa: Basahin at bigkasin ang mga salita ayon sa mataas na paraan. (2) Akademikong Gawain Bawat anyo ng ponemang segmental ay mayroong akademikong gawain. *Halimbawa: Pagsasanay at pagtuklas sa maling

paggamit ng ponema. Basahin ang isang balita at tuklasin ang maling ponemang ginamit.

(3)Pagtataya

Binubuo ng dalawang bahagi ang pagtataya: pasulit at pagganap na gawain.

*Halimbawa sa pasulit: Bilugan ang letra ng tamang sagot sa mga tanong.

Paglalahat

Nagsasaad ang bahaging ito ng paglalahat sa tinalakay na aralin ukol sa ponolohiya na kung saan magsisilbing batayan ng mga estudyante bilang batayang kaalaman sa susunod paksang tatalakayin.

*Halimbawa: Ang mga pinag-usapan sa mga naunang bahagi ay nauukol sa pagbabago ng ibig sabihin sa salita, parirala at pangungusap kung may pagbabago sa ponetiko.

Pagpapakilala. Matutunghayan dito ang pagtitiyak sa pangunahing konsepto na dapat matutuhan sa tulong ng pagpapaalam sa mga itinatampok ng ponolohiya na makikita sa panimulang bahagi gaya ng:

Tutuhan sa bahaging ito ang pag-aaral sa pinakamaliit na yunit ng tunog, ang ponolohiya.)

Pansinin na inilalarawan sa bahaging ito ang katangian ng ponolohiya na kung saan nagsisilbing pundasyon sa susunod pang aralin. Bagay na ipinapakita ang patikim na sulyap sa kung ano ang nilalaman na tatalakayin sa susunod na pahina. Mahalaga ring may maipakilala sa bahaging ito kung kagaano kahalaga pagtatamo ng pagkatuto na siyang binibigyang-tuon sa pedagogikal na grammar. Malilirip ito sa bahaging:

Sa pagtatalakay sa ponolohiya ng Sinugbuanong Binisaya, matatamo at maikintal sa utak ng mga estudyante ang tamang pagbigkas sa mga ponemang paningog at ponemang katingog lalong-lalo na ang ponemang segmental at ponemang suprasegmental.

Sa bahaging binanggit sa itaas, malinaw na ang halaga ng pagtatalakay sa paksa ay binibigyang-diin bago tuluyang talakayin ang paksa nang sa gayon, magkakaroon ng target ang mga estudyante sa nararapat na matutuhan. Sa bahagi ring ito, maliwanag na binubuo ng dalawang bahagi ang ponolohiya; ang ponemang segmental at ponemang suprasegmental na kung saan nagtatampok din ng iba't ibang anyo na mahalagang tuonan sa pag-aaral ng wika.

Paglalahad. Tunguhin nitong maipakilala sa mga estudyante ang anyo at kahulugan at maging ang kaangkupan sa paggamit ng wika sa kapwa pasalista at pasulat (Harmer, 1991). Dagdag pa niya, ang yugto na ito ay mahalaga sa proseso ng pagkatuto ng estruktura sapagkat tumutulong ito sa mga estudyante na matuto sa grammar sa short-term memorya at magiging inisyal na kasangkapan ang kanilang mga

natutunan para sa mga gawaing pangkomunikatibo sa susunod na mga yugto. Kung wala ito, kinakailangan pa ng guro na pagtuonang-pansin ang mga estudyante sa kanilang mga mali at tutugonan ang kanilang mga katanungan (Ur, 1998). Nangangahulugan, sa paglalahad ng paksa, kakikitaan na ito ng mga halimbawang nagpapalawak sa paksa nang sa gayon, magkakaroon ng malinaw na kaalaman ang mga estudyante sa anyo at nais ipabatid nito. Sadya ngang malaki ang nagagawa ng paghahanda sa mga estudyante sa paksa bago isabak sa mga gawaing pang-akademika upang mas maikintal ang anyo at kahulugan ng wika.

Ang bahaging ito ay binubuo ng dalawang bahagi; pagbibigay-deskripsyon anyo ng aralin at pagbibigay-halimbawa sa aralin. Ang mga aralin ay nahahati sa: ponemang segmental na tinatampok ang ponemang patinig, ponemang katinig; punto at paraan ng artikulasyon, diptonggo at klaster. Malilirip ito sa bahaging:

Ang ponemang segmental ay isang uri na ginagamitan ng mga letra na ipinalit upang mabasa at mabigkas. May limang ponemang patinig sa Sinugbuanong Binisaya /a, e, i, o, u/.

Mapapansing ang bahaging binanggit ay tumutukoy sa pagbibigay-kahulugan sa ponemang segmental ka kung saan nakatuon sa tamang pagbigkas ng ponemang patinig. Binibigyang-diin na mayroong limang ponemang patinig sa wikang Sinugbuanong Binisaya gaya ng /a, e, i, o, u/. Naniniwala ang mananaliksik na may limang ponemang patinig sa wikang pinag-aralan sapagkat maaaring malayang nagpapalitan ang mga ponemang /e,i/ at /o,u/ kapag nilalapian. Kung kaya, sa paglalahad binigyang-diin ito ng mananaliksik sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga halimbawang salita na ginagamitan ng limang ponemang patinig. Dito binibigyan ng pagkakataon ang mga estudyante na tumuklas kung ano ang nakatagong pattern sa konteksto (Ehrenworth & Vinton, 2005; Harmer, 1991). Wika ni Shaffer (1989), nabibigyan ng pagkakataon ang mga estudyante na tumuklas sa

wika na siyang dahilan para maikintal sa kanilang isipan kaysa sinasabi sa kanila ang nakatagong patern ng wika at nang dahil sila mismo ang gumagawa o kumikilos, nalilinan ang kanilang pangangatwiran (Harmer, 1991).

Nahahati naman sa dalawang bahagi ang ponemang suprasegmental: diin at tono. Binibigyang-diin ang paglalarawan sa ponemang suprasegmental sa pamamagitan ng pagpapaliwanag sa mga anyon nito gaya ng diin at tono. Tunghayan sa ibaba:

Ang ponemang suprasegmental ay tumutukoy sa pagsambit ng salita sa tamang diin at tono.

Halimbawa: Tinatawag na diin kung may saglit na pagtigil sa pagbigkas sa ponemang patinig gaya ng *sáya*, *ámo* at *marami pang iba*.

Ang ikalawang bahagi ng pag-aaral ng tunog ay ponemang suprasegmental na kung saan binibigyang-diin ang tono at diin ng mga salitang Sinugbuanong Binisaya. Makikita ang pagtatalakay sa diin at tono na ginagamitan ng mga halimbawang pahayag gaya ng;

Tinatawag na diin ang pagbigkas na saglit na pagtigil sa ponemang patinig at makikita ito sa unahan, gitna, hulihan gaya ng *pátay*, *mag-úma* at *patáy*.

Malinaw na sa tulong ng mga halimbawang salita sa bawat uri ng diin ay mauunawaan ng mga estudyante kung paano ito bigkasin. Samantalang ang tono naman ay inilalahad sa tulong ng mga halimbawang pahayag na ginamitan ng mababa, katamtaman at mataas na pagbigkas ng salita gaya nito;

Ito ay tumutukoy sa pagbigkas ng pataas, katamtaman o pagbaba ng tinig sa pagbigkas ng ponema o salita. Nangyayari kung mula sa puso ang pagbigkas sa pataas, katamtaman o pagbaba ng tinig.

Bukod sa mga halimbawang ibinigay, binigyan ito ng pagpapalawak upang mas lalong maintindihan. Sa madaling sabi, malaking tulong sa pag-aaral ng wika ang pagbibigay ng mga halimbawa upang makita ng mga estudyante kung paano ito gamitin sa aktwal na komunikasyon.

Pangkomunikatibong Gawain. Mahalaga sa pag-aaral ng wika ang pagtukoy sa kaalaman ng mga estudyante upang malaman ng guro kung gaano kalalim ang pagkatuto nito. Binubuo ito ng tatlong tampok: (1) pagsasanay, (2) akademikong gawain, at (3) pagtataya. Tinatawag naman na modelong pagsasanay kung tinutulungan ang mga estudyante na maintindihan ang anyo ng estruktura at katumpakan sa kung ano ang sinasalita at sinusulat (Harmer, 1991). Mahalagang isasaalang-alang ang pagdisenyo sa mga gawaing angkop sa pangangailangan ng mga estudyante. Kung gagamitin man ng pamamaraang pagtatalakay sa paksa, mainam na magiging "communicatively authentic" at nagdadala sa mga estudyante na matamo ang pangkomunikatibong gamit ng grammar (Littlewood,

1981). Kung gayon, maging maingat sa pagpili ng mga gawaing lalinang sa kakayahang komunikatibo ng mga estudyante gaya halimbawa ng pagpapabuo ng mga pangungusap, kinakailangan pa ring tiyakin na naaayon ito sa konteksto. Wika nga ni Lock (1996), ang pagsasanay sa mga estudyante na bumuo ng teksto mapasalita o sulat man, nagagamit pa rin nila ang estruktura ng wika na may kahulugan kung kaya, nakatutulong ito na makabuo ng parehong konteksto sa iba pang sitwasyon. Ibig sabihin, ang pagsasanay sa anyo ng estruktura ng wika ay mahalagang pundasyon para maihanda ang mga estudyante sa mga gawaing komunikatibo. Sa katunayan, sabi ni Lock (1996), ang pagdisenyo sa mga gawain sa modelong ito ay maaaring guro ang magsagawa ng pagbabago sa mga gawaing nababasa sa aklat tulad ng pagpupuno, pagsusunod-sunod, pagbuo ng teksto batay sa binasa, at pagbuong muli ng teksto.

Tumutukoy sa mga pagsasanay ang mga gawaing humahasa sa pagtukoy at pagkilala sa tunog na kung saan susukatin ang kakayahan ng mga estudyante sa grammar pagkatapos ang pangnilalamang pagtatalakay nito. Sa unang yunit ng pedagohikal na grammar, binigyang-diin ng mananaliksik na may maihain na mga gawaing nagsusukat sa kaalaman sa paksa gaya ng pagkilala sa tunog; pagpapabasa ng salita, pangungusap at maikling sanaysay. Dagdag pa nito ang pagpapalalim sa pag-unawa sa pamamagitan ng gawaing;

Basahin ang bahagi ng kuwento batay sa pag-ibig mula sa Superbalita at bigyan ng tamang punto sa pagbigkas sa mga salitang sinasalungguhitan.

Mapapansin na ang gawaing ito ay nangangailangan ng kakayahan sa pagbasa upang maintindihan ang balita na ipinapabasa ng guro. Kapansin-pansin na gumamit ng teksto ang guro bilang kagamitan sa pagsukat ng lawak ng kaalaman ng mga estudyante.

Tinatawag naman na akademikong gawain ang mga gawain na lumilinan sa kakayahang sosyolinggwistik at kakayahang diskorsal na kung saan sinasalaman sa mga sumusunod na pagtatalakay. Mahalagang magiging makatotohanan ang pagpili sa mga gawaing ito nang sa gayon makapag-ugnay-ugnay ang mga estudyante na naghahantong sa malalim na pag-unawa sa ponolohiya. Wika ni Brown (2000) at Brown (2001), isa sa itinuturing na teknik sa pagtuturo ay nakadiseno para mabigyan ang mga estudyante ng mga oportunidad na makilahok sa pragmatik, awtentik, at gamiting wika para sa makabuluhang tunguhin. Ibig sabihin, nararapat lang na magbibigay ang guro ng mga makabuuhanang gawain sa mga estudyante upang magiging aktibo ang talakayan.

Ang pahayag ay nagsasaad na higit na kinakailangang maghanda ang guro ng mga kagamitang awtentiko bilang kasangkapan sa pag-aaral ng wika gaya ng mga gawaing komunikatibo. Tunghayan ang gawaing ito:

Pagsasanay at pagtuklas sa maling paggamit ng ponema. Basahin ang isang balita at tuklasin ang maling ponemang ginamit.

Ang ikatlong bahagi ng komunikatibong gawain ay pagtataya na kung saan nahahati sa dalawang bahagi: pasulit at pagganap na gawain. Makikita ito sa huling bahagi ng yunit na naglalayong masukat ang pangkalahatang natutuhan ng mga estudyante matapos ang pagtatalakay at dumaan ng iba't ibang pagsasanay at gawaing komunikatibo. Mababanaagan ito sa bahaging:

Bilugan ang letra ng tamang sagot sa mga tanong.

Pagkatapos matalakay ang unang yunit, subukin ng guro ang mga natutuhan ng mga estudyante sa tulong ng pagtatanghal ukol sa pagpapaunlad ng ponolohiya.

Ang unang pagtataya ay gumagamit ng uri ng pagsusulit na pagpipili. Naniniwala ang mananaliksik na nahahasa ang kakayahan ng mga estudyante sa pagsusuri ng pinakaangkop na sagot sa tanong ng bawat aytem. Dahil dito, masasabing nalilinan ang kakayahang linggwistikal. Samantalang ang ikalawang gawain ay halimbawa ng pagganap ng isang tungkulin. Sa tulong ng gawaing nasusukat ang lawak ng pagkatuto sa pagbigkas ng mga tunog. Dahil sa may kalayaan ang mga estudyante kung anong uri ng pagtatanghal, masasabing ang gawaing ito ay lumilinan ng kakayahang estratehikal sapagkat binibigyan ng pagkakataon ang klase na bumuo ng kanilang sariling estratehiya upang maipakita ang kanilang pag-unawa sa ponolohiya.

Paglalahagom. Ang bahaging ito ay nagsasalaysay sa kabuuang daloy ng aralin na kung saan binibigyang-diin ang halaga sa pag-aaral ng ponolohiya. Nagsasaad ang bahaging ito ng pagtutukoy sa mahahalagang punto mula sa tinalakay na aralin ukol sa ponolohiya na kung saan

magsisilbing batayan ng mga estudyante bilang batayang kaalaman sa susunod paksang tatalakayin. Ito rin ay tinaguriang mahalagang kaisipan na dapat hindi makakalimutan ng mambabasa sapagkat naglalarawan ng mahalagang konsepto. Pansinin ang bahaging:

Ang mga pinag-usapan sa mga naunang bahagi ay nauukol sa pagbabago ng ibig sabihin sa salita, parirala at pangungusap kung may pagbabago sa ponetiko.

Sa madaling sabi, sa tulong ng 4P's nagkakaroon ng kalinawan at kapayakan sa pedagohikal na grammar ng Sinugbuanong Binisaya sa tulong pagpapakilala at paglalahad ng mga anyo ng tunog gaya ng limang ponemang patinig /a, e, i, o, u/; may apat na punto ng artikulasyon sa ponemang katinig gaya ng panlabi, pangipin, pangalangala, at glotal; may anim na diptonggo /aw, iw, oy, uy, ay, ow/; at may labintatlong klaster *pw, pr, pl, tr, br, kl, dy, gr, kw, dr, gw, gy*, at *sw* gayondin, naging komprehensibo at komunikatibo ang mga gawaing pagtuturo at pagkatuto ng ponemang suprasegmental na nagtatampok ng diin at tono na makikita sa pagsasanay, akademikong gawain at pagtataya.

Ikalawang Bahagi: Pagtuturo sa Morpolohiya. Naglalahad ang bahaging ito ng mga tuntuning gramatika sa pagbuo ng salita ng wikang Sinugbuanong Binisaya. Nahahati ito sa tatlong bahagi; *pag-usab-usab sa morpema* (pagbabagong morpoponemiko), *mga matang sa hugpong sa pulong* (mga uri sa paglalapi), at *mga sangkap sa pinulongan* (bahagi ng pananalita). Tinatalakay ang yunit na ito sa pamamagitan ng deskriptibong talahanayan sa ibaba na inilalarawan sa pamamagitan ng 4P's; pagpapakilala, paglalahad, pangkomunikatibong gawain, at paglalahagom.

Talahanayan 2. Pagtuturo sa Morpolohiya

Nirebisang Modelo sa Pagtuturo ng Pedagohikal na Grammar (Harmer, 1991; & Ur, 2001)	Paglalarawan sa mga Bahagi
Pagpapakilala	- Inilalarawan sa bahaging ito ang daloy ng pagtatalakay sa pagtuturo ng morpolohiya na kung saan makikita sa panimulang bahagi. - Matutunghayan din ang daloy ng pangnilalamang bahagi ng yunit na ito upang magkakaroon ng konkretong larawan ang mga estudyante sa inaasahang paksang-aralin.
Paglalahad	-Naglalahad ang bahaging ito ng pagtatampok sa kaparaan sa pagbuo ng salita upang makabuo ng makabuluhang kahulugan. Binubuo ang paglalahad ng tatlong bahagi: pagbabagong morpoponemiko gaya ng asimilasyon, pagtanggap ng ponema, alterasyon, metatesis at epentesis; mga uri ng paglalapi gaya ng unlapi, gitlapi, hulapi, kabilaan at

	langkapan; at mga bahagi ng pananalita gaya ng pangangalan, panghalip, pang-uri, pandiwa at pang-abay.
Pangkomunikatibong Gawain	-Nahahati sa tatlo ang mga gawaing ibinigay gaya ng pagsasanay, akademikong gawain, komunikatibong gawain bilang pagtatawid sa pagkatuto ng wikang Filipino at pagtataya. *Ang mga pagsasanay ay nakatuon sa pagtukoy o pagkilala sa anyo at gamit ng salita. *Binibigyang-diin naman sa akademikong gawain ang pagsukat sa kahusayan ng mga estudyante sa paggamit ng wika sa sariling pagpapahayag ayon sa kanilang konteksto. *Ang mga komunikatibong gawain ay sadyang ginawa upang malaman kung may kahandaan na ba ang mga estudyante na aralin ang wikang Filipino.
Paglalahagom	-Nakatuon ang bahaging ito sa pangkalahatang kaalaman ukol sa morpolohiya. Dito inilalarawan ang mahahalagang impormasyon na dapat maikintal sa isipan ng mga estudyante. * Pinag-uusapan sa bahaging ito ang pamamaraan sa pagtuturo ng morpolohiya ng mga guro upang matutuhan ng mga estudyante ang wikang Sinugbuanong Binisaya. Ang sistema sa pagbuo ng salita ay siyang binigyang-diin sa pagpapaliwanag.

Pagpapakilala. Inilalarawan sa bahaging ito ang daloy ng pagtatalakay sa pagtuturo ng morpolohiya na kung saan makikita sa panimulang bahagi. Ipatatikim sa bahaging ito ang paghahabi ng mga pangunahing aralin na mahalagang matutuhan ng mga estudyante ukol sa morpolohiya. Binubuo ito ng dalawang bahagi bilang simulain sa pagpapaalam sa nilalaman ng yunit na ito na makikita sa bahaging; pasiuna (panimula) at mga katuyoan (mga layunin). Tunghayan ang bahaging inilalarawan sa panimula:

Ang ikalawang bahagi sa pagtuturo ng gramatika ng Sinugbuanong Binisaya ay maipakita sa pamamagitan ng ikalawang estruktura ng gramatika, ang morpolohiya.

Inilalarawan sa bahagi ng sulyap ang pagpapakilala sa paksang-aralin say yunit na ito. Mainam na maialam ito sa estudyante upang magkakaroon ng tuon kung ano ang pag-aaralan sa bahaging ito. Nakatutulong ang paglalahad sa daloy ng mga paksang-aralin at mga bahagi ng bawat yunit nang sa gayon, makikilala ang mahahalagang konsepto na dapat matutuhan pagkatapos matalakay ang morpolohiya.

Paglalahad. Naglalahad ang bahaging ito ng pagtatampok sa kaparaan sa pagbuo ng salita upang makabuo ng makabuluhang kahulugan. Binubuo ang paglalahad ng tatlong bahagi: pagbabagong morpoponemiko gaya ng asimilasyon, pagtanggap ng

ponema, alterasyon, metatesis at epentesis; mga uri ng paglalapi gaya ng unlapi, gitlapi, hulapi, kabilaan at langkapan; at mga bahagi ng pananalita gaya ng pangangalan, panghalip, pang-uri, pandiwa at pang-abay.

Ang bawat pagtatalakay ay tiniyak ng mananaliksik na mayroong mga halimbawa upang mas maintindihan ang pagbabagong morpoponemiko gaya ng asimilasyon na nagaganap kung nilalapan ng panlaping *mang* ay nagiging *mang*, *man* at *mam* kung sinusundan ng salitang-ugat na nagsimula sa /k/, /d/, at /p/ tulad ng salitang *mangahoy*, *manakop* at *mamalit* habang ang panlaping *pang* ay nagiging *pan* kung sinusundan ng salitang-ugat na nagsimula sa /d/, /l/, /r/, /s/, at /t/ gaya ng salitang *pandukdok*, *panluto*, *panradyo*, *pansalad*, *pantuslok*. Mapapansing halos magkakatulad ang katangian ng asimilasyon sa wikang Sinugbuanong Binisaya sa wikang Filipino. Malilirip sa ibaba:

Naganap ang paglalapi sa unahang bahagi gaya ng *mang*, na magiging *man* kapag nagsisimula ang salitang-ugat ng /k, d, p/; at panlaping *pang* na nagiging *pan* kung sinusundan ito ng salitang-ugat na nagsisimula sa ponemang /d, l, r, s, t/.

Pangkomunikatibong Gawain. Ang bahaging ito ay naglalaman ng iba't ibang mga gawaing pampagkatuto upang masukat kung gaano kalawak ang natutuhan ng mga estudyante. Gaya ng nabanggit na, binubuo ng tatlong bahagi ang pangkomunikatibong gawain; pagsasanay,

akademikong gawain sa Sinugbuanong Binisaya at Filipino bilang interbensyon sa pagtuturo-pagkatuto ng Filipino. Ang ginamit na mga pagsasanay ang nagsimula sa pagkilala o pagtukoy sa anyo ng salita patungo sa gamit nito. Maraming pagsasanay ang inihain pagkatapos ng mga paksang pagbabagong morpoponemiko, kaanyuan ng salita, at bahagi ng pananalita upang matiyak ang pagkatuto ng mga estudyante sa wikang Sinugbuanong Binisaya. Sinadya ng mananaliksik na maghain ng maraming pagsasanay sa bawat paksa upang mapalalim ang pagkakaunawa nito. Makikitang mayroong tatlong uri ng gawaing komunikatibo pagkatapos matalakay ang bawat paksa gaya ng pagsasanay na naglalaman ng mga tanong na susukat sa pagtukoy o pagkilala sa anyo ng salita at gamit nito tulad nito;

Pagkilala sa uri ng pagbabago ng morpoponemiko sa isang morpema. Salungguhitan ang salita na maaaring magbago ang ponema at isulat ang pagbabago na nasa huling bahagi ng pangungusap.

Ibig ipahiwatig ng gawain ay pagkilala kung anong uri ng pagbabagong morpoponemiko ang mga salita at pagtukoy kung alin sa mga salita ang maaaring magbabago ang ponema at pagsulat kung ano ito. Nakatutulong ang gawaing ito upang malinang ang kakayahan sa gramatika at mahasa ang mga estudyante na kumilala sa mga pagbabago ng morpema na nagdudulot ng pagbabago ng kahulugan.

Akademikong gawain naman ang tawag sa mga gawaing hahasa sa kakayahan ng mga estudyante na gamitin sa sariling konteksto ang nauunawaan sa paksang tinalakay. Ang mga gawain dito ay halos lahat ay mga alternatibo na maaaring gawin nang isahan, dalawahan hanggang maramihan o pangkatan. Sadyang may ganitong gawain upang masukat ang kakayahang komunikatibo ng mga estudyante dahil sila na mismo ang maglapat sa lahat ng mga natutuhan ayon sa kanilang sariling pagkakaunawa gaya nito;

Lumikha ng isang kasabihan. Magpangkat sa lima ang mga miyembro. Pagkatapos, mag-uusap at gumawa ng isang kasabihan na may kaugnayan sa buhay. Ipakita ang uri ng paglalapi sa salita.

Ang pagtataya na bahagi ay pangkalahatang pagsukat sa pagkatuto ng mga estudyante. Ginamit ang paraang pasulit sa pamamagitan ng pagpipili at pagganap na uri ng pagtataya. Upang higit na matiyak ang natamong pagkatuto ng mga estudyante sa morpolohiya, bibigyan ng pasulit ang mga estudyante

na naglalaman ng mahahalagang konsepto mula sa tinalakay na paksa. Pagkatapos masukat ang kanilang mental na pagkakaunawa ay titingnan din ang kakayahang komunikatibo sa pamamagitan ng pagganap na uri ng pagtataya gaya ng:

Pagbuo ng isang glosaryo sa wikang Filipino. Gagawin sa pamamagitan pagpapangkat ng lima. Ang gagawin na glosaryo ay ukol sa mga pulong nga magkatulad na magkatulad sa baybay, at bigkas ng Sinugbuanong Binisaya at Filipino. Hindi bababa sa limampung salita ang nilalaman ng glosaryo. Ang pagtatala nito ay tumutuon sa pagbuo ng salita at paggamit sa komunikasyon.

Paglalom. Ang huling bahagi ng pedagogikal na grammar na nabuo ay pagbibigay ng lagom sa lahat ng tinalakay sa yunit na ito. Naglalaman ito ng pagdidin sa halaga ng pag-aaral ng morpolohiya sa buhay ng mga estudyante partikular sa mga nag-aaral ng wikang Filipino. Bagay na mahalagang bigyang-tuon bago sasabak sa susunod na bahagi ng pag-aaral ng gramatika. Pansinin ang bahaging:

Pinag-uusapan sa bahaging ito ang pamamaraan sa pagtuturo ng morpolohiya ng mga guro upang matutuhan ng mga estudyante ang wikang Sinugbuanong Binisaya. Ang sistema sa pagbuo ng salita ay siyang binigyang-diin sa pagpapaliwanag.

Bilang kabuuan, naitampok ang tatlong bahagi ang paglalarawan sa morpolohiya: pagbabagong morpoponemiko; mga uri sa paglalapi; at mga bahagi ng pananalita sa tulong ng modelong 4P's. Masasabing ang pagbuo sa pangalawang yunit para sa pagtuturo ng morpolohiya ay kakikitaan ng apat na modelo sa pagtuturo ng pedagogikal na grammar sapagkat matutunghayan ang katangian nitong pagtatalakay sa paksa ayon sa konteksto ng mga estudyante sa tulong ng mga gawaing komunikatibo.

Ikatlong Bahagi: Pagtuturo ng Sintaksis. Ito ang yunit 3 na bahagi ng pedagogikal na grammar ng wikang Sinugbuanong Binisaya na inilalarawan sa tulong ng 4P's; pagpapakilala, paglalahad, pangkomunikatibong gawain at paglalom. Ang bahaging binanggit ay may malaking gampanin sa pagbuo ng pedagogikal na grammar nang sa gayon, magiging kawili-wili at kapaki-pakinabang ang pag-aaral sa sintaksis. Ang sintaksis ay tumutukoy sa pagsama-sama ng mga salita upang makabuo ng parirala at sugnay. Ang pagtatalakay sa bahaging ito ay alinsunod sa anyo ng pangungusap at gamit nito sa komunikasyon. Upang maipakita ang balangkas sa pagbuo nito, ginamit ang deskriptibong talahanayan sa ibaba.

Talahanayan 3. Pagtuturo ng Sintaksis

Nirebisang Modelo sa Pagtuturo ng Pedagogikal na Gramar (Harmer, 1991; & Ur, 2001)	Paglalawaran sa mga Bahagi
Pagpapakilala	- Nagsasaad ito ng dalawang bahagi; pagsulyap at mga layunin. Ang pagsulyap ay paghahabi ng mga mahalagang paksang-aralin at kaparaanan sa pagkamit ng pagkatuto pagkatapos matalakay ang paksa. * Ang pagpapaunawa sa kahulugan ng isang salita maintindihan sa tulong ng pangungusap. Ang bahaging ito sa pag-aaral ng gramatika sa Sinugbuanong Binisaya tumutukoy sa anyo ng mga salita na mabubuo ang pangungusap.
Paglalahad	- Matutunghayan sa bahaging ito ang mga paksang nagpapalawak sa pag-aaral ng pangungusap gaya ng; bahagi ng pangungusap; simuno at panaguri, mga uri ng simuno, mga uri ng panaguri, kaanyuan ng pangungusap at pangungusap ayon sa gamit. Inilalahad ang mga paksa sa tulong ng mga halimbawang pangungusap para mas maintindihan ang kaanyuan nito.
Pangkomunikatibong Gawain	-Ang mga gawaing komunikatibo ay binubuo ng tatlong bahagi: pagsasanay, akademikong gawain at pagtataya. Makikita pagkatapos ng pagtalakay sa bawat paksa upang masukat ang kaalaman ng mga estudyante sa paggamit ng wikang Sinugbuanong Binisaya. Alinsunod sa natatamong kakayahan ang mga gawaing ibinigay sa mga estudyante mula sa pagtukoy o pagkilala patungo sa aktwal na paggawa upang magiging makatotohanan ang pagkatuto ng wika partikular ang mga gawain na may kinalaman sa pagbuo ng pangungusap hanggang sa pagbuo ng sariling teksto.
Paglalagom	-Naglalarawan ng mapanuring paglalapat ng pagkatuto ukol sa paksang tinalakay. Naglalarawan ito ng paglalahad sa lahat ng aralin at pag-iwan ng ng mahalagang kaisipan sa mga estudyante. Mahalagang tuonan na sa bahaging ito, lubusang kilalanin kung ang mga natutuhan mula sa pag-aaral ng tunog at salita ay nailapat sa pagbuo ng pangungusap.

Pagpapakilala. Nagsasaad ito ng dalawang bahagi; panimula at mga layunin. Ang panimula ay paghahabi ng mga mahalagang paksang-aralin at kaparaanan sa pagkamit ng pagkatuto pagkatapos matalakay ang paksa. Dito magkakaroon ng patikim na pagpapaalam sa mahahalagang paksa na matutuhan sa pag-aaral ng sintaks. Malilirip ang bahagi sa:

Ang pagpapaunawa sa kahulugan ng isang salita maintindihan sa tulong ng pangungusap. Ang bahaging ito sa pag-aaral ng gramatika sa Sinugbuanong Binisaya tumutukoy sa anyo ng mga salita na mabubuo ang pangungusap.

Inilalarawan sa itaas ang panimulang pagpapakilala sa paksa ukol sa sintaks. Nagpapahiwatig na ang target na aralin na matutuhan ay sintaksis na kung saan pag-uusapan sa pamamagitan ng iba't ibang anyo ng pagbuo ng pangungusap. Binubuo ng dalawang bahagi ang pangungusap; paksa at panaguri na siyang magiging tuon sa yunit na ito.

Paglalahad. Matutunghayan sa bahaging ito ang mga paksang nagpapalawak sa pag-aaral ng pangungusap gaya ng; bahagi ng pangungusap; simuno at panaguri, mga uri ng simuno, mga uri ng panaguri, kaanyuan ng pangungusap at pangungusap ayon sa gamit. Inilalahad ang mga paksa sa tulong ng

mga halimbawang pangungusap para mas maintindihan ang kaanyuan nito. Matutunghayan sa bahaging:

Ang paksa ay tinutukoy na pinag-uusapan sa pangungusap. Ginagamitan ng si at ang para sa pangngalan na parirala at panghalip na ako at kini. Sama sa; Si nanay ang nagluluto sa bawat umaga.)

Masasabing ang paglalahad sa depinisyon ng mga paksa ay nakatutulong upang masusundan ng mga estudyante ang pagtatalakay ng guro. Nagkaroon ng panlahat muna bago pagbibigay-halimbawa na dulong sa pagtuturo upang mapaunawa sa mga estudyante ang paksa. Sa kabilang banda, maituturing na maayos at organisado ang pagkakahabi ng pagtatalakay sa sintaksis sapagkat inisa-isa muna ang tuntunin sa bahagi ng pangungusap; paksa at panaguri bago dumako sa pagbuo ng pangungusap hanggang sa gamit nito. Kapansin-pansin din na halos magkakatulad ang mga tuntunin sa paksa ng wikang Sinugbuanong Binisaya at wikang Filipino gaya ng eksistensyal, modal at iba pa. Dahil dito, dahan-dahan ang pagpapatikim ng guro sa pag-aaral ng wika upang hindi gaanong mahihirapan ang mga estudyante patungo sa wikang Filipino.

Pangkomunikatibong Gawain. Sinasabing malaki ang maitutulong ng mga pagsasanay upang matamo ang ganap na pagkatuto ng mga estudyante. Gaya ng binanggit sa unahan, nahahati ito sa tatlong bahagi: pagsasanay, akademikong gawain at pagtataya. Sa pagtuturo ng grammar, mainam na may malinaw na pagkatuto sa mga tuntuning panggramatika sa tulong ng iba't ibang mga gawain. Wika ni Richards (2006), ang pagtuturo ng grammar ay pagpapanday ng maraming gramatikal na pangungusap at padron upang makapaglikha sa anomang sitwasyong kinabibilangan. Ito ay nagsisilbing pundasyon para may magagamit sa pakikipagkomunikasyon. Sa tulong ng mga pagsasanay, mas nalilina ang kakayahan sa pagbuo ng pangungusap. Kaya, mas mainam na gagamitin ang pangkomunikatibong dulong sa pagtuturo at hindi lang nakatuon sa tradisyonal na anyo ng pagtuturo. Sa katunayan, binanggit ni Galloway (1993), pinaniniwalaan na mas kinakailangan ang kakayahang pangkomunikatibo kaysa kakayahang linggwistik. Dahil dito, ang mga pagsasanay na inihahain ng guro ay nakatuon sa paglinang ng kakayahang pangkomunikatibo. Katulad ng mga pagsasanay, akademikong gawain at pangkomunikatibong gawain sa Filipino.

Ang mga pagsasanay sa pagtuturo ng pangungusap ay nakapokus kung paano ang pagbuo ng pangungusap. Bawat paksa sa bahaging ito ay may kaakibat na mga pagsasanay upang masukat ang kakayahang linggwistik ng mga estudyante. Ang kakayahang linggwistik ay nagbibigay-tuon sa pagkilala at pagtukoy kung paano nabuo ang pangungusap upang malaman ng guro kung gaano kalawak ang kanilang pagkatuto. Pansinin ang halimbawang ito;

Salungguhitan ang panaguri na walang pandiwa gaya ng; Sino ang bisita?

Kilalanin kung anong uri ng panaguri ang may salungguhit; Kaninong aso ito?

Paglalahom. Naglalarawan ng mapanuring paglalahat ng pagkatuto ukol sa paksang tinalakay. Naglalarawan ito ng paglalahat sa lahat ng aralin at pag-iwan ng ng mahalagang kaisipan sa mga estudyante. Mahalagang tuon na sa bahaging ito, lubusang kilalanin kung ang mga natutuhan mula sa pag-aaral ng tunog at salita ay nailapat sa pagbuo ng pangungusap.

Ang pagtutulongan sa paksa at panaguri sa pangungusap nagbibigay ng mabigat at makabuluhang kahulugan sa pag-uusap ng mga tao. Natalakay ang ukol sa dalawang bahagi ng pangungusap; paksa at panaguri.

Samakatuwid, ang bahaging sintaksis ng pedagogikal na grammar ng wikang Sinugbuanong Binisaya ay nahahati sa anim na bahagi; paksang pangungusap, panaguring pangungusap, mga berbal na pangungusap, mga di-berbal na pangungusap, mga pangungusap ayon sa gamit at mga pangungusap ayon sa kayarian. Nangangailangan ng pagkilala sa target na aralin nang sa gayon malinaw na mahabi ang bawat paksang-aralin sa tulong ng mga gawaing komunikatibo sa paraang pagsasanay, akademikong gawain o maging sa pagtataya. Mahalagang isasaalang-alang ng guro ang kakayahan ng mga estudyante sa wikang inaaral sa pagpili ng mga gawaing komunikatibo.

CONCLUSION AND RECOMMENDATIONS

Natatangi ang nabuong pedagogikal na grammar ng wikang Sinugbuanong Binisaya sapagkat pinagyaman ang pagtatalakay sa nilalaman ng: 1) ponolohiya partikular ang limang ponemang patinig; paraan at punto ng artikulasyon; klaster, diptonggo at ponemang suprasegmental; 2) morpolohiya na dinagdag ang mga pagbabagong morpoponemiko, mga uri ng paglalapi at mga bahagi ng pananalita; 3) sintaksis na binigyang-diin ang mga tuntunin sa pagbuo ng pangungusap sa bahaging paksa at panaguri sa pamamagitan ng 4P's; pagpapakilala, paglalahad, pangkomunikatibong gawain at paglalahom. Sa pagbuo ng pedagogikal na grammar, nakagawa ng balangkas ng mga gawaing komunikatibo sa pagtuturo ng unang wika, wikang Sinugbuanong Binisaya para sa ikatatamo ng pagkatuto ng pangalawang wika, ang wikang Filipino. Iminumungkahi sa pag-aaral na ito na gamitin bilang gabay ang nabuong balangkas ng mga gawaing komunikatibo sa pagtuturo-pagkatuto ng Filipino.

ACKNOWLEDGEMENT

Ang pananaliksik na ito ay naisakatuparan bilang bahagi diserasyon sa graduwadong pag-aaral ng Philippine Normal University sa programang Doctor of Philosophy in Filipino.

REFERENCES

- [1] Almazloum, M. (2018). Pedagogical grammar: Learner's beliefs do matter.
International Journal of Language and Linguistics. doi:10.30845/ijl.v5n3p4
- [2] Bachman, L.F. & Palmer, A.S. (1996). *Language testing in practice*. Oxford: Oxford University Press.
- [3] Brown, H.D. (2001). *Teaching by principles: An interactive approach to language pedagogy*. New York: Longman.
- [4] Bryam, M. (Ed.). (2004). *Routledge encyclopedia of language teaching and learning*. London & New York: Routledge Taylor and Francis Group
- [5] Canale, M., & Swain, M. (1980). Theoretical bases of communicative approaches to second language teaching and testing. *Applied Linguistics*, 1(1), 1-47. <http://dx.doi.org/10.1093/applin/1.1.1>
- [6] Cassell, Catherine, & Symon, Gillian (1994). *Qualitative research in work contexts*. In Catherine Cassell & Gillian Symon (Eds.), *Qualitative methods in organizational research, a practical guide* (pp.1-13). London: Sage.
- [7] Consul, S. (2005). *Iniskaya: A linear linguistic description*. Cebu: Cebu Normal University. Dissertation
- [8] Dervin, R. (1990). *Pedagogical grammar* (State of the Art). Language Teaching
- [9] De Catalina, E. (2016). *Silid sa binisaya-sinugboanong pinulungan* (A Course on Visayan-Cebuano Language). JEVIA Publishing
- [10] Ellis, R. (1997). *Second language acquisition*. Oxford: Oxford University Press
- [11] Ellis, R. (2003). *Task-based language learning and teaching*. Oxford: Oxford University
- [12] Harrison, G. & Kroll, L. (2007). Relationship between L1 and L2 word-level reading and phonological processing in adults learning English as a second language. *Journal of research in reading*, 30(379-393) <http://dx.doi.org/10.1111/j.1467.9817.2007.00351.x>
- [13] Harmer, J. (1997). *Teaching and learning grammar*. London; Newyork: Longman
- [14] Littlewood, W. (2004). The Task-based approach: some questions and suggestions. *ELT Journal* 58(4), 319. <http://dx.doi.org/10.1093/elt/58.4.319>
- [15] Newby, D.A. (2003). *Cognitive + communicative theory of pedagogical grammar*. Habilitationsschrift, Karl-Francens Universitat Graz
- [16] Malone, S. (2006). *Planning community-based educating program in minority language communities*. Bangkok, Thailand. SIL International
- [17] Marian, V. Spivey, M. (2003). Competing activation in bilingual language processing. *Bilingualism: language and cognition*, 6, 97-115. <http://dx.doi.org/10.1017/S1366728903001068>
- [18] Pesirla, Angel O. (2012). *Ang linggwistika sa sugbu-anun'g binisaya: the linguistics of cebuano-visayan*. Mandaluyong Anvil, 2012.
- [19] Proctor, C.P., August, D., Carlo, M., & Snow, C. (2006). The intriguing role of spanish vocabulary knowledge in predicting english reading comprehension. *Journal of educational Psychology*, 98 (1), 159-69
- [20] Richards, J. C. (2006). Communicative language teaching today. *Cambridge: Cambridge University Press. Spring*, 16 (2), 23-38
- [21] Schweers, W. Jr. (1999). Using L1 in the L2 classroom. *English Teaching Forum*, 37(2), 6-9.
- [22] Schumann, J. (1975). Affective factors and the problem of age in the second language acquisition. *Language learning*, 25: 209-235
- [23] Ur, J. (1998). *Grammar practice activities: A practical guide for teachers*. Cambridge: Cambridge University Press